PROPOSISYON

67 PAGBABAWAL SA PANG-ISAHANG GAMIT NA MGA PLASTIK NA BAG. REPERENDUM.

67

OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG ABUGADO HENERAL

Ang pagboto ng "Oo" ay nag-aapruba, at ang pagboto ng "Hindi" ay tumatanggi sa isang batas na:

- Nagbabawal sa grocery at ilang ibang mga nagtitinging tindahan na magbigay sa mga customer sa lugar ng pagbebenta ng plastik o papel na mga bag na nadadala sa labas at na gagamitin lang ng isang beses sa lugar ng pagbebenta.
- Nagpapahintulot sa pagbebenta ng mga ni-recycle na mga papel na bag at muling nagagamit na mga bag sa mga customer, sa pinakamababang presyo na 10 sentimo bawat bag.

BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI NG KABUUANG EPEKTO SA PANANALAPI NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Maliit na mga epekto sa pananalapi ng estado at mga lokal na pamahalaan. Maliit na pagtaas na mas mababa kaysa sa isang milyong dolyar taun-taon para sa mga gastos ng estado sa pangangasiwa, na mababawi sa pamamagitan ng mga singil. Posibleng maliit na matitipid ng mga lokal na pamahalaan mula sa nabawasang mga paggastos sa pamamahala ng kalat at basura.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

BATAYAN

Paggamit ng Bag sa Pamimili. Ang mga tindahan ay karaniwang nagbibigay ng mga bag sa kanilang mga customer upang madala nila ang kanilang mga pinamili. Isang uri ng bag na karaniwang ibinibigay ay ang "pang-isahang gamit na plastic na bag sa pamimili," na tumutukoy sa isang manipis na plastic bag na ginagamit sa pag-checkout at hindi ginawa para sa pangmatagalang gamitan. Sa kabaligtaran, ang mga "reusable na plastic bag" naman ay mas makapal at mas matibay nang sa gayon ay magamit ang mga ito nang maraming beses. Maraming tindahan ang nagbibigay rin ng mga pang-isahang gamit na paper bag. Kadalasang nagbibigay ang mga tindahan ng mga pang-isahang gamit na papel at plastic na bag sa pamimili sa mga customer nang libre, at ang ilang tindahan naman ay nagbebenta ng mga reusable bag. Bawat taon, humigit-kumulang 15 bilyong pang-isahang gamit na plastic na bag sa pamimili ang ibinibigay sa mga customer sa California (may average na humigit-kumulang 400 bag sa bawat taga-California).

Pinaghihigpitan ng Maraming Lokal na Pamahalaan ang Mga Pang-isahang Gamit na Bag sa Pamimili. Maraming lungsod at county sa California ang nagpatibay ng mga lokal na batas na naglilimita o nagbabawal sa paggamit ng mga pang-isahang gamit na bag sa pamimili sa mga kamakailang taon na nakalipas. Ipinatupad ang mga lokal na batas na ito dahil sa mga alalahanin tungkol sa maaaring maging epekto ng paggamit ng mga ganitong bag sa kapaligiran. Halimbawa, ang mga plastic bag ay nakakadagdag sa basura at maaaring mapunta sa mga daluyan ng tubig. Bukod pa rito, maaaring maging mahirap i-recycle ang mga plastic bag dahil nagbubuhul-buhol ang mga ito sa mga makinang pang-recycle. Ipinagbabawal ng karamihan sa mga lokal na batas na ito ang paggamit ng mga pang-isahang gamit na plastic na bag sa pamimili sa mga grocery store, convenience store, botika at tindahan ng alak. Kadalasang inaatasan din ng mga ito ang tindahan na maningil ng kahit 10 sentimos lang para sa anumang bag sa pamimili na maibebenta. Pinapayagan ang mga tindahan na itabi ang kinita. Simula noong Hunyo 2016, may mga lokal na batas sa paggamit ng mga bag sa pamimili sa humigit-kumulang 150 lungsod at county—na sumasaklaw sa humigit-kumulang 40 porsyento ng populasyon ng California—karaniwang sa mga lugar na nasa mga county na nasa baybayin.

Pagpasa ng Pambuong-estadong Batas sa Paggamit ng Bag sa Pamimili. Noong 2014, ipinasa ng Lehislatura at pinirmahan ng Gobernador ang isang pambuong-estadong batas sa paggamit ng bag sa pamimili, ang Panukalang-batas ng Senado (Senate Bill o SB) 270. Gaya ng isinasaad sa mas detalyadong paglalarawan sa ibaba, pinagbabawalan ng batas ang ilang partikular na tindahan na magbigay ng mga pang-isahang gamit na plastic na bag sa pamimili. Inaatasan din nito ang mga tindahang ito na singilin ang mga customer para sa anumang bag sa pamimili na ibinigay sa pag-checkout.

MUNGKAHI

Sa ilalim ng Saligang-batas ng Estado, maaaring iharap sa mga botante ang isang bagong batas sa estado bilang isang reperendum upang mapagpasyahan kung maaaring ipatupad ang batas. Ang proposisyong ito ay isang reperendum sa SB 270. Sa ibaba, inilalarawan namin kung ano ang ibig sabihin ng pagboto ng "oo" at "hindi" para sa panukalang ito, ang mga pangunahin nitong pagkakaloob, at kung paano maaaring maapektuhan ng ibang proposisyon sa balotang ito ang panukalang ito.

Ang Ibig Sabihin ng Pagboto ng "Oo" at "Hindi"

Itinataguyod ng Pagboto ng "Oo" ang SB 270. Pagbabawalan ang ilang partikular na tindahan na magbigay ng mga pang-isahang gamit na plastic na bag sa pamimili at aatasan ang mga ito na maningil ng kahit 10 sentimo lang para sa iba pang mga bag sa pamimili sa pangkalahatan. Liral lang ang mga iniaatas na ito sa mga lungsod at county na wala pang sarili nitong mga batas sa paggamit ng pang-isahang gamit na bag sa pamimili simula noong tagsibol noong 2014.

Tinatanggihan ng Pagboto ng "Hindi" ang SB 270. Maaaring magpatuloy sa pagbibigay ng mga pang-isahang gamit na plastic na bag sa pamimili at iba pang mga bag ang isang tindahan nang libre maliban na lang kung sakop ito ng isang lokal na batas na naglilimita sa paggamit ng mga ganoong bag.

Mga Pangunahing Pagkakaloob ng Panukala

Nagbabawal sa Paggamit ng Mga Pang-isahang Gamit na Plastic na Bag sa Pamimili. Pinagbabawalan ng panukalang ito ang karamihan ng mga grocery store, convenience store, malalaking botika at tindahan ng alak sa estado na magbigay ng mga pang-isahang gamit na plastic na bag sa pamimili. Hindi umiiral ang pagkakaloob na ito para sa mga plastic bag na ginagamit para sa ilang partikular na layunin—gaya ng bilang supot para sa mga walang balot na prutas o gulay.

Gumagawa ng Mga Bagong Pamantayan para sa Mga Reusable na Plastic na Bag sa Pamimili. Gumagawa rin ang panukalang ito ng mga bagong pamantayan para sa mga materyales at tibay ng mga reusable na plastic na bag sa pamimili. Magiging responsable ang Kagawaran ng Pagbawi at Muling Paggamit ng Mga Mapagkukunan sa California (California Department of Resources Recovery and Recycling o CalRecycle) sa pagtiyak na natutugunan ng mga tagapagyari ng bag ang mga

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

iniaatas na ito. Tinutukoy rin ng panukala ang mga pamantayan para sa iba pang mga uri ng mga bag sa pamimili.

Nag-aatas ng Singil para sa Ibang Mga Bag sa Pamimili. Sa pangkalahatan, inaatasan ng panukalang ito ang isang tindahan na maningil ng kahit 10 sentimo lang para sa anumang bag sa pamimili na ibibigay nito sa mga consumer sa pag-checkout. Hindi iiral ang singil na ito para sa mga bag na ginagamit para sa ilang partikular na layunin—gaya ng mga bag para sa inireresetang gamot. Bukod pa rito, ang singil na ito ay hindi kakailanganing bayaran ng ilang partikular na customer na may mababang kita. Sa ilalim ng panukala, mapupunta sa mga tindahan ang kinita sa pagbebenta ng mga bag. Maaari nilang gamitin ang mga nalikom para sa gastos sa pagbibigay ng mga bag sa pamimili, pagsunod sa panukala, at pagbibigay ng impormasyon upang hikayatin ang paggamit ng mga reusable na bag.

May Isa pang Proposisyon sa Balotang Ito na Maaaring Makaapekto sa Pagpapatupad ng Panukalang Ito

May isa pang panukalang kasama sa balotang ito—ang Proposisyon 65—na maaaring mag-atas na mapunta sa estado ang kita mula sa pagbebenta ng mga bag sa pamimili kung aaprubahan ito ng mga botante. Sa partikular, iniaatas ng Proposisyon 65 na ang kitang makukuha mula sa isang batas sa estado na nagbabawal sa ilang partikular na bag at naniningil ng bayarin para sa iba pang mga bag (gaya ng ginagawa ng SB 270) ay kakailanganing ilagay sa bagong pondo ng estado upang masuportahan ang iba't ibang programang pangkapaligiran.

Kung maipapasa ang dalawang panukala, depende sa kung aling panukala ang makakatanggap ng mas maraming boto kung paano gagamitin ang kita sa pagbebenta ng mga bag sa pamimili. Ipinapakita ng Pigura 1 kung paano mag-iiba ang pagpapatupad ng mga pangunahing pagkakaloob ng SB 270 depende sa iba't ibang pasya ng mga botante sa dalawang panukala. Sa partikular, kung mas maraming boboto ng "oo" sa Proposisyon 67 (sa reperendum na ito sa SB 270), mapupunta sa mga tindahan ang kita para sa mga tinukoy na layunin. Gayunpaman, kung mas maraming boboto ng "oo" sa Proposisyon 65 (inisyatibo), gagamitin ang kita para sa mga programang pangkapaligiran. Ipinagbibigay-alam namin na ang Proposisyon 65 ay may kasamang pagkakaloob na maaaring ituring ng mga hukuman na pumipigil sa pagpapatupad ng SB 270 sakali mang maipasa ang dalawang panukala at mas maraming bumoto ng "oo" sa Proposisyon 65. Gayunpaman, ipinagpapalagay sa pagsusuring ito na ang iba pang mga pagkakaloob ng SB 270 na walang kaugnayan sa paggamit ng kita—gaya ng iniaatas na ipagbawal ang mga pang-isahang gamit na plastic na bag sa pamimili at maningil para sa iba pang mga bag—ay ipapatupad pa rin.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Maliliit na Epekto sa Estado at Lokal na Pananalapi. Ang panukalang ito ay magkakaroon ng maliliit na epekto sa mga pamahalaan ng estado at lokal na pamahalaan. Sa partikular, bilang resulta ng panukalang ito, magkakaroon ng maliit na dagdag na gastos ng estado na hindi aabot sa isang milyong dolyar taun-taon para sa CalRecycle upang matiyak na nakakatugon ang mga tagapagyari ng bag sa mga bagong iniaatas para sa mga reusable na plastic bag. Ang mga gastos na ito ay mapapagaan ng mga bayaring sinisingil sa mga gumagawa ng mga bag na ito. Maaari ding magdulot ng iba pang mga epekto sa pananalapi ang panukala—halimbawa, maaaring makatipid nang kaunti ang mga lokal na pamahalaan dahil mababawasan ang paglilinis ng kalat at ang gastos sa pamamahala sa basura.

Bisitahin ang *http://www.sos.ca.gov/measure-contributions* para sa isang listahan ng mga komite na binuo unang-una upang suportahan o salungatin ang panukalang ito. Bisitahin ang *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors/nov-16-gen-v2.html* upang maakses ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.

Pigura 1

Maaapektuhan ng Resulta ng Proposisyon 65 ang Pagpapatupad ng Reperendum

	Ang Proposisyon 67 (Reperendum sa SB 270) ay Naipasa	**Ang Proposisyon 67 (Reperendum sa SB 270)** ay Nabigo
Ang Proposisyon 65 (Inisyatibo) ay Naipasa	Magkakabisa ang pambuong-estadong batas sa paggamit ng bag sa pamimili. Depende sa kung aling proposisyon ang makakakuha ng mas maraming boto kung paano gagamitin ang kita mula sa pagbebenta ng mga bag sa pamimili: • Kung mas maraming boboto ng **"oo"** para sa reperendum, mapupunta ang kita sa mga tindahan. • Kung mas maraming boboto ng **"oo"** para sa inisyatibo, mapupunta ang kita sa estado para sa mga programang pangkapaligiran.[a]	Walang pambuong-estadong batas sa paggamit ng bag sa pamimili. Gagamitin para sa mga programang pangkapaligiran ang kita mula sa anumang pambuong-estadong batas na katulad ng SB 270 sa hinaharap.
Ang Proposisyon 65 (Inisyatibo) ay Nabigo	Magkakabisa ang pambuong-estadong batas sa paggamit ng bag sa pamimili at mapupunta sa mga tindahan ang kita mula sa pagbebenta ng mga bag sa pamimili.	Walang pambuong-estadong batas sa paggamit ng bag sa pamimili.

[a] Ang isang pagkakaloob ng Proposisyon 65 ay maaari ding ituring ng mga hukuman na pumipigil sa pagpapatupad ng Panukalang-batas ng Senado (Senate Bill o SB) 270.

Para sa kumpletong teksto ng Proposisyon 67 pumunta sa pahina 218.